Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-13 NG MARSO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamalmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 105 -T'2002*

*KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. HERNANIE BRAGANZA, KALIHIM NG KAGAWARAN NG REPORMA SA LUPA (DAR), SA PAMAMAGITAN NG KGG. PUNONG LALAWIGAN TERESITA S. LAZARO, NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG APAT NA MILYONG PISO (P4,000,000.00) PARA SA PAGPAPAGAWA NG FARM-TO-MARKET ROAD SA SITYO MUNTING GATID, BARANGAY GATID AT SITYO II, BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maiayos ang mga pagawaing makatutugon sa pagpapaunlad ng pananakahan sa bayang ito;

*SAPAGKA'T*, malaking bahagi ng lupang sakop ng bayang ito ay lupang pansakahan;

*SAPAGKA'T*, kulang sa mga daan patungo sa pamilihan upang hakutin at dalhin ang mga kalakal o inani mula sa mga sakahan;

*SAPAGKA'T*, walang sapat na pondo ang pamahalang bayan upang makapagpagawa ng farm-to-market road;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamalmat, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na mapitagang hilingin sa Kgg. Hernanie Braganza, Kalihim ng Kagawaran ng Reporma sa Lupa na makapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P4.000.000.00 para sa pagpapagawa ng Farm-to-Market road sa Sityo Munting Gatid, Barangay Gatid at Sityo II, Barangay Bubukal ng bayang ito.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Hernanie Braganza, Kalihim ng Kagawaran ng Reporma sa Lupa, Rm. 209, PTA Bldg. Dlliman, Lungsod ng Quezon; Kgg. Leonardo Montemayor, Kalihim ng Kagaran ng Pagsasaka, 4TH FLOOR, DA Bldg. Elliptical Road, Diliman, Lungsod ng Quezon; Kgg. Punong Lalawigan Teresita S. Lazaro, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
*Kagawad / Gumanap naTagapangulo*

PINAGTIBAY.

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan